Pangalan: ______________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _________________ Petsa Nang Natapos: _________________Marka:____________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Kumbensiyon ng Awitin

**I. Panuto:** Basahin ang bawat aytem. Ang pagpipilian ay nasa loob ng kahon. Isulat lamang ang letra sa inilaang patlang.

| | |
|---|---|
| a. sukat | d. persona |
| b. paksa | e. metapora |
| c. tugma | f. pagsasatao |

_____ 1. Tumutukoy ito sa bilang ng pantig sa bawat taludtod ng isang saknong.

_____ 2. Tawag ito sa nagsasalita sa isang awit o ibang akdang pampanitikan kagaya ng tula.

_____ 3. Pagtutulad ito na tuwirang ipinakikita ang paghahambingan ng mga katangian.

_____ 4. Magkakatunog ito na dulong salita sa bawat taludtod.

_____ 5. Pagsasalin ito ng katangian ng tao sa bagay na walang buhay.

**II. Panuto:** Gamitin ang lirika ng awiting "Masdan Mo ang Kapaligiran" ng Asin. Basahin at suriin ang taglay nitong kumbensiyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

**Masdan Mo ang Kapaligiran**

Wala ka bang napapansin
Sa iyong mga kapaligiran?
Kay dumi na ng hangin
Pati na ang mga ilog natin

Hindi na masama ang pag-unlad
At malayo-layo na rin ang ating narating
Nguni't masdan mo ang tubig sa dagat
Dati'y kulay asul, ngayo'y naging itim

Ang mga duming ating ikinalat sa hangin
Sa langit, huwag na nating paabutin
Upang kung tayo'y pumanaw man
Sariwang hangin, sa langit natin matitikman

Mayro'n lang akong hinihiling
Sa aking pagpanaw, sana ay tag-ulan
Gitara ko ay aking dadalhin
Upang sa ulap na lang tayo magkantahan

Ang mga batang ngayon lang isinilang
May hangin pa kayang matitikman?
May mga puno pa kaya silang aakyatin?
May mga ilog pa kayang lalanguyan?
Bakit 'di natin pag-isipan
Ang nangyayari sa ating kapaligiran?
Hindi na masama ang pag-unlad

Kung hindi nakakasira ng kalikasan
Darating ang panahon
Mga ibong gala ay wala nang madadapuan
Masdan mo ang mga punong dati ay kay tatag

Ngayo'y namamatay dahil sa 'ting kalokohan
Lahat ng bagay na narito sa lupa
Biyayang galing sa Diyos kahit no'ng ika'y wala pa
Ingatan natin at 'wag nang sirain pa

'Pagka't 'pag Kan'yang binawi, tayo'y mawawala na
Mayro'n lang akong hinihiling
Sa aking pagpanaw, sana ay tag-ulan

Gitara ko ay aking dadalhin
Upang sa ulap na lang tayo magkantahan

Source: Musixmatch
Mga Songwriter: Carbon Lolita
Artist: Asin
Album: Asin
Inilabas: 1978

1. Ano ang paksa ng awitin?

______________________________________________________________________________

2. Bakit nag-aalala sa kapaligiran ang lumikha ng awitin?

______________________________________________________________________________

3. Ilan ang sukat ng pantig sa bawat taludtod?

______________________________________________________________________________

4. May tugmaan ba itong ginamit? Anong tugmaan ang ginamit?

______________________________________________________________________________

5. Anong tayutay ang ginamit sa awitin? Isa-isahin ang mga ito.

______________________________________________________________________________